# Thirdhand Smoke
## sa Maraming Yunit na Pabahay



Ang thirdhand smoke (THS) ay natitirang usok ng tabako na naiwan kapag may naninigarilyo sa loob ng bahay. Ang usok ay hindi basta-basta tinatangay ng hangin. Sa halip, dumidikit ito sa ibabaw ng mga dingding, kasangkapan at sahig gayundin sa buhok, balat at damit ng isang tao. Ang natitirang nakalalasong usok ay namumuo sa paglipas ng panahon at maaaring manatili sa loob maraming taon.[1]

## Mga Panganib sa Kalusugan



Nagdudulot ang THS ng natatanging panganib sa kalusugan dahil ang natitirang usok ay nagkakaroon ng reaksyon sa hangin para makagawa ng karagdagang mga pollutant at **muli itong bumabalik sa hangin.**[1]

Nagbabago ang THS sa paglipas ng panahon at **tuloy-tuloy na nagiging mas nakalalason.**[1,2]




Naipakita na ang pangmatagalang pagkakalantad sa mga pollutant na nasa THS ay **nakapipinsala sa mga selula at DNA ng tao**, at maaaring maiugnay sa panandalian at pangmatagalang mga problema sa kalusugan gaya ng hika at kanser.[1,3]




## Sino ang pinaka apektado?

Ang sinumang nakatira sa isang tahanan kung saan pinapayagan ang paninigarilyo ay **mas malamang na malantad** sa THS.[2]

Ang mga sanggol at bata ay maaaring malantad sa THS kapag sila ay gumagapang o naglalaro sa sahig.[1]



Maaaring malunok ng mga sanggol ang mga kemikal na nasa THS kapag isinusubo nila ang mga laruan o mga gamit sa bahay.[1]

Ang paglaki ng katawan ng mga bata ang **pinaka apektado** ng THS kaysa sa matatanda.[1]

## Pagkalantad sa Maraming Yunit na Pabahay

Ang mga taong nakatira sa mga apartment ay nasa **mas mataas na peligro** ng pagkalantad sa THS dahil maaaring may mga dating nangungupahan na naninigarilyo sa loob ng bahay.[4]

Ang mga batang nakatira sa mga apartment ay nagpapakita ng **mas mataas na antas ng pagkalantad** sa mga kemikal ng tabako.[4]

Sa mga lugar kung saan naganap ang substansyal na paninigarilyo, ang mga pagkukumpuni tulad ng **pagpapalit ng mga dingding at kasangkapan** ay maaaring kailanganin para mabawasan ang mga antas ng THS.[5]

## Paano Makatutulong ang Mga Patakaran sa Pagbabawal ng Paninigarilyo sa Pabahay

Ang mga patakaran na pumipigil sa paninigarilyo sa mga yunit at karaniwang mga lugar ay **makatutulong para protektahan ang mga nangungupahan** mula sa pagkakalantad sa THS.

Ang mga patakaran sa pagbabawal sa paninigarilyo ay **makababawas din sa mga problema sa paglilinis at pagsasaayos ng mga yunit** na nasira ng natitirang usok ng THS.

CDPH
California Department of
PublicHealth

© 2017. Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California, Programa sa Pagkontrol ng Tabako sa California.

# Mga Sanggunian: Thirdhand Smoke sa Maraming Yunit na Pabahay


1. Jacob, P., et al., *Thirdhand Smoke: New Evidence, Challenges, and Future Directions.* Chemical Research in Toxicology, 2016.
2. Martins-Green, M., et al., *Cigarette smoke toxins deposited on surfaces: implications for human health.* PLoS One, 2014. 9(1): p. e86391.
3. Hang, B., et al., *Thirdhand smoke causes DNA damage in human cells.* Mutagenesis, 2013. 28(4): p. 381-91.
4. Matt, G., et al., *Thirdhand tobacco smoke: emerging evidence and arguments for a multi-disciplinary research agenda.* Environmental Health Perspectives, 2011: p. 119(9): 1218-26.
5. Bahl, V., et al., *Thirdhand cigarette smoke: factors affecting exposure and remediation.* PLoS One, 2014. 9(10): p. e108258.